

Ang mensaheng ito ay para sa mga indibidwal na papuntang Japan.

Hindi ka dapat magdala ng anumang mga produktong karne, gulay o prutas sa Japan.




- Hindi mo rin dapat ipadala ang mga ito sa pamamagitan ng internasyonal na koreo. Mangyari lamang na pagsabihan ang inyong pamilya, kakilala na huwag magpadala ng produktong karne bilang pakete o postal package mula sa ibang bansa.

(Kung sakaling nakatanggap ka ng mga produktong karne, gulay o prutas sa pamamagitan ng internasyonal na koreo, mangyaring ipagbigay-alam kaagad sa iyong pinakamalapit na Animal Quarantine Service o Plant Protection Station.)

- Huwag magdala sa ibang bansa ng mga nadumihang damit pantrabaho, sapatos pantrabaho, botas at iba pa.
- Huwag maghawak ng mga hayop sa loob ng isang linggo bago pumunta at isang linggo pagkarating galing sa Japan.



- Mahigpit na ipinagbabawal ang pagdadala ng mga produktong karne, halaman, o prutas.
- Sa kaso ng ilegal na pagdala ng mga naturang produkto, ang mga taong nagdala ay mapaparusan ng mabigat na parusa, halimbawa, pagkakulong ng hanggang 3 taon o multa na hanggang 3 milyong Japanese Yen (hanggang 50 milyong Japanese Yen para sa mga negosyante).
- Ang iligal na pag-import o pagdala ay maaaring ipaalam sa opisina ng pulisya.
- Maaaring magresulta sa pag-aresto ang ilegal na pag-import.
- Kung magdadala ka ng mga ilegal na produkto, maaaring hindi payagan ang iyong paglapag sa paliparan ng Japan.



MAFF

Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries



Serbisyo ng
Kuarentenas
ng Hayop



Istasyon ng
Proteksyon
ng Halaman